
# Pamamaraan ng pagwu-Wudhu', Tayyammum, at Ghusl

2


## Pamamaraan ng pagwu-Wudhu'

Maglayon ng pagsasagawa ng Wudhu' sa kanyang puso, pagkatapos sabihin ang: BISMILLAH, pagkatapos ay hugasan ang dalawang kamay.



1

Pagkatapos ay kumuha ng tubig gamit ang kanang kamay at magmumug mula dito, pagkatapos ay sisinghot ng tubig at ito din ay ilalabas, uulitin ito nang tatlong beses.




2

Pagkatapos ay hugasan ang mukha ng tatlong beses, ang kabuohan ng mukha ay mula sa tubuan ng buhok sa ulo hanggang sa balbas, at sa pagitang ng dalawang tainga.



3

Pagkatapos ay hugasan ang kamay hanggang siko ng tatlong beses, kanang kamay ang mauuna pagkatapos ay kaliwa.




4

Pagkatapos ay punasan ang ulo, dadaan mula sa ulunan hanggang batok pagkatapos ay ibalik ito tungo sa bandang ulunan.




5

Pagkatapos ay ipasok ang hintuturo sa tainga at punasan, at punasan ang labas ng tainga gamit ang hinlalaki.



6

Pagkatapos ay hugasan ang paa hanggang bukong-bukong nang tatlong beses.



7

- Hukom (o hatol) sa anumang idadagdag sa mga isinabatas

Hindi maaari na magdagdag sa anumang isinabatas patungkol sa wudhu, tulad na lamang nang lagpas sa tatlo ang paghuhugas, o ang paghugas lagpas sa siko, o lagpas ng bukong-bukong, o ang pagpunas ng batok.



8

- Pagkatapos maisagawa ang Wudhu' kanyang sasambitin :

((ASH-HADU AN LA ILAHA ILLA ALLAH WAHDAHU LA SHAREEKA LA, WA ASH-HADU ANNA MUHAMMADAN ABDUHU WA RASULUHU)) at sa ulat ni Imam Tirmidhiy : ((ALLAHUMMAJ ALNIY MINAT TAWWABIINA WAJ-ALNIY MINAL MUTATAHHIRIIN)).

9

- Nawaqid (mga nakakasira) ng Wudhu' :

1- Ang mga lumabas sa dalawang labasan. Katulad ng ihi o dumi o hangin.
2- Pagkawala ng pag-iisip o ulirat sanhi ng pagkatulog o iba pa.
3- Pagkain ng karne ng kamelyo.


10

## Pamamaraan ng pagta-Tayammum

Tayammum : Ito ang pamalit sa paglilinis gamit ang tubig, kapag mayroong dahilan para hindi magamit ang tubig sa katawan o sa ibang mga bahagi nito dahil sa kawalan ng tubig o takot na makapinsala ang paggamit nito, kaya't hahalili ang lupa sa paggamit ng tubig.


1

Magsasagawa ng niyah (intensyon) para sa Tayammum, pagkatapos ay sabihin ang ((BISMILLAH)), pagkatapos ay ihampas ang kamay sa lupa ng isang beses, pagkatapos ay ipunas sa mukha at ibabaw ng kamay.




2

Hindi na isinabatas na paghiwalayin ang mga kamay habang inihahampas ang kamay sa lupa, kahit ang pagpunas sa mga daliri habang pinupunasan ang kamay.



3

## Pamamaraan ng Obligadong Pagligo (Ghusl)

Maglayon ng pagsasagawa ng Ghusl sa pamamagitan ng puso, at sabihin ang BISMILLAH nang palihim, pagkatapos, buhusan ang buong katawan pati ang kailaliman ng buhok – makapal man ito o manipis – sa pamamagitan ng tubig, kasama na ang pagmumug at pagsinghot.

1

- Ang mga dahilan upang maging obligado ang Pagligo :

1- Aljanaabah: ito'y kapag may lumabas na semilya sanhi ng pagtatalik man o iba pang kadahilanan. 2- Paglabas ng dugo ng Hayd o Nifaas. 3- Pagkamatay maliban sa Shaheed (namatay sa pakikipagdigma). 4- Kapag nag-Muslim ang isang hindi nanampalataya.

2

Inihanda ni : Dr. Haytham Sarhan, Guro sa Masjid Nabawi at tagapangasiwa ng (Mahad Sunnah :
« mahadsunnah.com »

Ang karapatang magpalathala, pamamahagi ay bukas para sa sinuman.
Para isalin ang brochure bisitahin ang: sarhaan.com o I-scan ang barcode.